Bawat Daan

Ebe Dancel

Sa pagkumpas ng iyong kamay
Aking landas ginagabay
Nagiisang tiyak sa isang libong duda
Silong sa iyak at paglulukso

Kung puso ko ay imamapa
Ikaw ang dulo, gitna't simula
Nahanap din kita (kay tagal kong naghintay)
Nahanap din kita (kay tagal kong naghintay)

Oh...
Maligaw man
At mawala
At umikot man
Sa kawalan
Sa bawat kailan
Sino't saan
Ikaw lamang ang
Kasagutan
Bawat kanan
At kaliwa
Kung timog man
O hilaga
Ang bawat daan ko
Ay patungo (ay patungo)
Ay pabalik (ay pabalik)
Sa'yo

Kay tagal ng lumulutang
Walang pupuntahan, walang dahilan
Parang ulap na, walang dalang ulan
Kamang walang kumot at unan

Bihag ako ng pagtataka
May saysay ba ang paglalakbay ngunit
Nahanap din kita (kay tagal kong naghintay)
Nahanap kita (kay tagal kong naghintay)

Oh...
Maligaw man
At mawala
O umikot man
Sa kawalan
Dahil sa bawat kailan
Sino't saan
Ikaw lamang ang kasagutan
Bawat kanan (kay tagal kong naghintay) at kaliwa
Kung timog man (kay tagal kong naghintay) o hilaga

Ang bawat (kay tagal kong naghintay) daan ko
Ay patungo (kay tagal kong naghintay)
Ay pabalik (ay pabalik)
Sa yo
(Kay tagal kong naghintay)
Sa iyo
(Kay tagal kong naghintay)
Ooh ooh...

Kung ang puso ko ay imamapa
Ikaw ang dulo, ang gitna't simula
Ikaw
Ikaw

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!